Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

7/6

**TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN**

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG SETYEMBRE 29, 2009, ARAW NG MARTES, SA GANAP NA IKA-9:35 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang ALAN T. PAMATMAT | ..... | PANGALAWANG PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. de Leon | ..... | Kagawad |
| *Kagalang-galang* Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Romulo A. Elca | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| *Kagalang-galang* Oscar F. Feliciano | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Isagani R. Malapaya | ..... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang John Carlos C. delos Reyes | .. | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| *Kagalang-galang* Jun M. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Angelito U. Limjuco | ..... | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 171-T'09**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAUTUSANG SA PAGLALAAN BLG. 04-T2009 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY BAGUMBAYAN NA NAGKAKAHALAGA NG APATNAPU'T ISANG LIBO APATNARAAN LIMANG PISO (Php41,405.00) MULA SA KILOS – ASENSO SUPPORT FUND NG KAGAWARAN NG BADYET AT PAMAMAHALA UPANG ILAAN PARA PAMBILI NG GAMOT, MGA KAGAMITANG PANGLABORATORYO, MEDICAL AT DENTAL NG NABANGGIT NA BARANGAY.**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 84-T2009/Kautusan sa Paglalaan Blg. 04-T2009 ng Sangguniang Barangay ng Bagumbayan na *nagkakahalaga ng Php41,405.00 mula sa Kilos-Asenso Support Fund ng Kagawaran ng Badyet at* Pamamahala upang ilaan para pambili ng gamot, mga kagamitang panglaboratoryo, medical at dental ng nabanggit na barangay.

**SAPAGKA'T,** ang nasabing kahilingan ay napaliwat sa Lupon sa Pananalapi para sa pag-aaral *at pagsusuri;*

**SAPAGKA'T,** matapos ang pagsusuri at pag-aaral ng mga kasapi ng naturang lupon sa paglilipat at paglalaan ng pondo ng nabanggit na barangay ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKA'T**, lahat ng mga laang gugulin ng barangay ay itinatagubiling iayon sa mga tuntunin sa pagbabadyet, pagtutuos at pag-a-awdit.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Louie C. de Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi), na pinangalawahan ng mga Kagalang-galang Kagawad Roselon F. Pamatmat at John Carlos C. delos Reyes at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kautusan sa Paglalaan Blg. 04-T2009 ng Sangguniang Barangay ng Bagumbayan na nagkakahalaga ng Php41,405.00 mula sa Kilos-Asenso Support Fund ng Kagawaran ng Badyet at Pamamahala upang ilaan para pambili ng gamot, mga kagamitang panglaboratoryo, medical at dental ng nabanggit na barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Bagumbayan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

Alan T. Pamatmat
NAGPATOTOO: **ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan